Quæ et Unigénitum tuum Sancti Spíritus obumbratióne concépit, et, virginitátis glória permanénte, lumen ætérnum mundo effúdit, Iesum Christum Dóminum nostrum.

Per quem maiestátem tuam laudant Angeli, adórant Dominatiónes, tremunt Potestátes. Cæli cælorúmque Virtútes, ac beáta Séraphim, sócia exsultatióne concélebrant. Cum quibus et nostras voces ut admítti iúbeas, deprecámur, súpplici confessióne dicéntes:
— **Sanctus, Sanctus, Sanctus…**

Sapagkat ipinaglihi niya ang Anak mong Bugtong, lalang ng Espiritu Santo at di nawala ang kanyang pagkabirhen nang isilang sya, ang aming Panginoong Hesukristo, liwanag na walang hanggan ng daigdig.

Kaya sa pamamagitan niya, ang makapal na mga anghel sa kalangitan, nagpupuri kasama ng mga Dominasyon at Potesdad ay nagpupuri at sumasamba sa iyong kamahalan. Ang mga hukbo ng langit at ang mga Serapin ay kaisa nilang nagpupuri sa Iyo. Kaya kasama nila ay ipinagbubunyi naming walang humpay ang iyong kaluwalhatian:
— **Santo, Santo, Santo Panginoong Dios ng mga hukbo…**

### Antipona sa Komunyon

**Regina** mundi digníssima, María, Virgo perpétua, intercéde pro nostra pace et salúte, quæ genuísti Christum Dóminum, Salvatórem ómnium.

**Pinakamapalad** na Reyna ng sanlibutan, Maria, Birhen magpakailanman, mamagitan ka para sa aming kapayapaan at kapakanan, siyang nagluwal kay Kristong Panginoon, Tagapagligtas ng tanan.

### Panalangin Matapos ang Komunyon

**Adjuvet** nos, quǽsumus, Dómine, immaculátæ Genetrícis tuæ sempérque Vírginis Maríæ intercéssio veneránda : ut, quos perpétuis cumulávit benefíciis, a cunctis perículis absolútos, sua fáciat pietáte concórdes percipiámus affectu. Per Dóminum nostrum.

**Panginoon,** matulungan nawa kami ng pagdalangin ng Iyong kalinis-linisang Ina, ang Mahal na Bihreng Maria: at pakundangan sa kaniyang pamamagitan, maiadya nawa kami sa lahat ng panganib at mabuklod sa pag-ibig, kaming lahat na nakatanggap ng kaniyang mga pagsaklolo. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin...

**Hermandad de la Sagrada Eucaristia**
**Latin Mass Society of Cavite**
*Comision Para sa Pagsasalin*



*Hunyo 27*




# ANG BIRHENG MARIA,
# ANG MAHAL NA INA NG LAGING SAKLOLO

*Misa "Gaudeamus"*
*Puti*

### Pambungad na Antipona

**Gaudeamus** omnes in Dómino, diem festum celebrántes sub honóre beátæ Maríæ Vírginis, de cuius solemnitáte gaudent Angeli et colláudant Fílium Dei. (T.P. Alleluia, alleluia.) — *Ps 44:2* Eructávit cor meum verbum bonum: dico ego ópera mea Regi *V.* Gloria Patri. Gaudeamus.

**Magsaya** tayong lahat sa Panginoon, sa pagdiriwang ng kapistahan ng Mahal na Birheng Maria. Magalak tayong kasama ng mga anghel at ipagbunyi ang kapurihan ng Anak ng Dios. (P.P. Aleluya, aleluya.) — *Salmo 44:2* Nag-uumapaw ang aking puso sa magagandang pangungusap, habang umaawit ako ng ng isang tula sa Hari. *V.* Luwalhati sa Ama. — Magsaya...

▪ *Aawitin ang* Gloria in Excelsis Deo (Luwalhati sa Dios)

### PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)

**DOMINE JESU CHRISTE,** qui Genetrícem tuam Maríam, cuius insígnem venerámur imáginem, Matrem nobis dedísti perpétuo succúrrere parátam : concéde, quǽsumus ; ut nos, matérnam eius opem assídue implorántes, redemptiónis tuæ fructum perpétuo experíri mereámur: Qui vivis et regnas cum Deo Patre.

**PANGINOONG JESUCRISTO,** ibinigay Mo ang iyong Inang Mahal para sa amin nang sa gayon maging Ina namin ng Laging Saklolo na handang tumulong sa amin. Ipagkaloob Mo na kami nawang inaalala siya sa banal na larawang ito ay magkamit ng kanyang maka-Inang pagtulong upang maging marapat na makasalo sa bunga ng Iyong pagtubos mula sa buhay na ito at sa kabila. Ikaw na nabubuhay at naghahari kasama ng Dios Ama...

### PAGBASA • *Sirac 25:23-31*

Pagbasa mula sa mga Aklat ng Karunungan.

**TULAD NG** punong-ubas, nakatutuwa ang aking mga bunga; at ang bulaklak ko'y namunga ng dangal at kayamanan. Ako ang ina ng pag-ibig, at ng banal na takot, at ng kaalaman, at ng banal na pag-asa. Matatagpuan sa akin ang lahat ng biyaya ng tumpak na landas at katotohanan, at ang lahat ng pag-asa ng buhay at ng kabanalan. Lumapit kayong lahat na nananabik sa akin, at magpakabusog kayo sa aking mga bunga. Ang pag-alala ninyo sa akin ay mas matamis kaysa pulot na galing sa bahay-pukyutan. Kainin ninyo ako't inumin, at hihingi pa uli kayo. Ang sumusunod sa akin ay hindi mapapahiya, ang tumutupad ng aral ko ay di magkakasala. Ang magsasalaysay ukol sa akin ay magkakamit ng buhay na walang-hanggan. — *R.* **Salamat sa Dios.**

### PANINGIT NA AWIT (GRADUAL) • *Aw ni Sol 6:3, 9; Jdt 13:22; Lc 1:28*

**TOTA** formósa et suávis es, fília Sion, pulchra ut luna, elécta ut sol, terríbilis ut castrórum acies ordináta.
*V.* Benedíxit te Dóminus in virtúte sua, quia per te ad níhilum redégit inimícos nostros.

**Allelúia, allelúia.** *V.* Ave, María, grátia plena; Dóminus tecum : benedícta tu in muliéribus. **Alleluia.**

**MAGANDA KA'T** kay tamis, O anak ng Sion; kasingganda ng buwan, kasinlinis ng araw, kakila-kilabot na tulad ng dumadaluhong na hukbo.
*V.* Pinagpala ka ng Dios sa kaniyang kapangyarihan, at dahil sa iyo'y dinurog Niya ang ating mga kaaway.

**Aleluya, aleluya!** *V.* Aba Ginoong Maria, napupuno ka ng grasya: ang Panginoon ay sumasaiyo. Bukod kang pinagpala sa babaeng lahat. **Aleluya.**

### EBANGHELYO • *Jn 19:25-27*

Ang pagpapatuloy ng Ebanghelyo ayon kay San Juan.

**NOONG PANAHONG IYON:** Nakatayo sa tabi ng krus ni Jesus ang kanyang ina at ang kapatid nitong babae, si Maria na asawa ni Cleopas, at si Maria Magdalena. Nang makita ni Jesus ang kanyang ina at ang minamahal niyang alagad na nasa tabi nito, sinabi niya, "Babae, narito ang iyong anak!" At sinabi niya sa alagad, "Narito ang iyong ina!" Mula noon, kinupkop ng alagad na ito sa kanyang bahay ang ina ni Jesus. — *R.* **Pinupuri ka namin, Panginoong Jesucristo.**

▪ *May* Credo *o* Sumasampalataya *sa mga lugar o simbahan na siya'y pintakasi.*

### ANTIPONA SA PAG-AALAY • *Jer 18:20*

**RECORDARE** Virgo Mater, in conspéctu Dei, ut loquáris pro nobis bona, et ut avértat indignatiónem suam a nobis. (alleluia.)

**ALALAHANIN MO,** O Inang Birhen, siyang nakatayo sa harapan ng Dios, na magsalita para sa aming kapakanan, at ilayo ang galit Niya mula sa amin. (aleluya.)

### PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

**TUA,** Dómine, propitiatióne, et beátæ Vírginis et Matris Maríæ intercessióne, ad perpétuam atque præséntem hæc oblátio nobis profíciat prosperitátem et pacem. Per Dóminum.

**PANGINOON,** sa Iyong awa at sa pagdalangin ng Mahal na Birheng Maria, ang mga handog na iniaalay sa Iyo ay maging aming kapakanan at kapayapaan ngayon at sa buhay sa kabila. Sa pamamagitan ni Jesucristong Panginoon namin...

### PREPASYO NG MAHAL NA BIRHENG MARIA

**VERE DIGNUM** et iustum est, æquum et salutáre, nos tibi semper et ubique grátias ágere: Dómine sancte, Pater omnipotens et aeterne Deus: Et te in *Festivitate* beátæ Maríæ semper Vírginis collaudáre, benedícere et prædicáre.

**TUNAY NGANG MARAPAT** at matuwid, angkop at nakakagaling, sa lahat ng dako at sandali, na magpasalamat kaming lagi sa iyo, Amang banal, Diyos na makapangyarihan at walang-hanggan: At sa araw na ito sa *Kapistahan* ng Mahal na Birhen ay nagpupuri kami at nagbubunyi sa iyo.